（フィリピン語）

# Gabay para sa mga Gumagamit Ng Aklatan ng Lungsod ng Fuji

♦ Lugar : 3-7, Nagatakita-cho, Fuji-shi, Shizuoka-ken
♦ Postal Code : 417-8515
♦ Telepono : (0545)51-4946
♦ Numero ng FAX : (0545)51-7135
♦ Home page address : http://library.fujishi.jp
♦ Oras at Araw na Bukas : 9:00-17:00 (Sabado, Linggo at pista-opisyal)
9:00-19:00 (Martes, Miyerkules Huwebes at Biyernes,)
♦ Araw na Sarado : Humingi ng kopya sa tanggapan ng impormasyon
Lunes
Pang-apat na Biyernes kada buwan
Mga araw na walang pasok kapag Bagong Taon
Kung may mga pagkukumpuni o pag-aayos na ginagawa sa aklatan

♦ Pagpapapagawa ng Kard sa Aklatan (Library Card):
Walang bayad ang pagpapapagawa ng Kard. (May bayad sa pagpapapagawa ng panibago)
Kumpletuhin ang mga dapat sagutin sa papel para sa aplikasyon na makukuha sa tanggapan ng impormasyon. Kasabay nito ipakita ang kard bilang katibayan ng pagiging residente at bilang pagkakakilanlan.
Hindi maaring ibigay o ipahiram sa iba ang Kard para sa Aklatan.

♦ Paghiram :

| Mga Bagay na hihiramin | Hanggang ilan ang maa ring hiramin | Gaano katagal maaring hiramin |
|---|---|---|
| Libro at ibang babasahin | 10 | 2 Linggo |
| Bagay na pang Audio-Vis ual | 5 | 2 Linggo |
| Reprodaksiyon ng Larawa n | 1 | 1 Buwan |

( para sa nasa Sekondarya pataas)
Ipakita ang Library Card at mga bagay na nais hiramin sa tanggapan ng hiraman sa Silid Aklatan.
Ingatan ang anumang bagay na hiniram mula sa Aklatan.
Isauli ang mga hiniram mula sa Aklatan hinggil sa itinakdang araw..
Ang mga bagong babasahin ay hindi maaring ilabas.
Ang mga bagay na may pulang " 禁帯出" selyo ay hindi maaaring ilabas.

♦ Pagsasauli : Dalhin sa tanggapan para sa pagsasauli ang mga bagay na hiniram sa aklatan. Kung sakaling sarado, maaring ilagay ang hiniram sa itinalagang kahon na makikita sa may bandang gilid bago pumasok ng Aklatan.
Ang mga bagay para sa Audio-visual tulad ng CD at DVD, ay hindi maaaring ilagay sa kahon.

Hindi maaring manghiram kung hindi pa naisasauli ang unang hiniram ng ayon sa itinakdang araw.

⧫ Pagpapadagdag ng araw ng paghiram : Kung nais magpadagdag ng araw ng paghiram, magsadya sa tanggapan ng impormasyon bago sumapit ang itnakdang araw. Ang pagpapadagdag ng araw ay isang beses lamang, at maaari lang kung ang hinihiram ay hindi nakareserba.

⧫Reserbasyon : Maaaring humingi ng reserbasyon kung ang nais hiramin ay nasa hiraman pa. Sulatan lamang ang papel na kulay-rosas para sa aplikasyon.

⧫Paghahanap sa mga nais hiramin :

Makipagkonsulta lamang sa katiwala ng Aklatan para sa mga bagay at mga impormasyon na nais malaman tungkol sa aklatan.
Website or OPAC system (Online Public Access Catalougue).

⧫ Paghiram sa iba pang Aklatan :

Maaaring manghiram sa iba pang Pangpublikong Aklatan ng Shizuoka at ng iba pang Siyudad sa pamamagitan ng Aklatan ng Siyudad. Kumusulta lamang sa katiwala ng Aklatan tungkol dito.

⧫ Pagpapakopya :

Ayon sa batas, ang mga bagay sa Aklatan ay maaari lamang kopyahin depende sa restriksiyon na sumasaklaw dito . Kumpletuhin ang aplikasyon para sa pagpapakopya at ipasa sa tanggapan ng maaga.

⧫Dapat palitan ang hiniram kung ito ay nawala, nasira o nagkaroon ng pinsala. .

⧫ Mga Kompyuter para sa Internet

Ang mga Kompyuter ay maaari lamang gamitin sa pagsasaliksik sa pamamagitan ng Internet, at hindi para sa pagbabasa ng e mail.
Ipakita ang Library card sa katiwala ng aklatan at humingi ng pahintulot sa paggamit ng Internet. Isang oras lamang maaari gumamit ng Kompyuter, Isang beses sa isang araw.
Hindi maaaring baguhin ang anumang nakaprograma sa kompyuter. Pagbabawalang gumamit ng kompyuter ang sinumang lumabag dito.

⧫ Kung lalabas na ng Japan at uuwi sa sariling bansa maari lamang na ibalik ang library kard at iba pang materyales ng library na iyong nahiram.

♦ Palapag ng gusalil : Unang Palapag

Bukas na nakasalansan ng mga libro
Basahang Lugar,
Salansan ng mga sining(sa palibot No.24 at No.25
Banyagang wikang libro
OPAC system (Online Public Access Catalogue),
Computers for Internet

Pangalawang Palapag

Kuwarto ng Pagaaral
Puwedeng uminom at kumain dito
Kuwartong mitingan

Pangatlo at pang apat na palapag

Sarado at Hindi ito bukas pang publiko

Patimog na gusali (dugtong)

Kuwarto ng Pagaaral,
Sibil galeriya
Kainan at silid ng inumin
Loteng Parkingan

♦ Banyagang materyales

Banyagang Libro(stak sa sunod na No.3)
Pahayagan:Japan Times Japan Times Alpha
Bagong Encyclopedia Britannica (stak No.28)

Materyales na meron pulang "禁帯出 na may selyo ay di puwedeng mailabas paralang ito sa sangguniang babasahin.

Lahat ng Banyagang libro ay nauuri lahat ayon sa Nippon Decimal Classification（ＮＤＣ）.

| | |
|---|---|
| 0 | Panlahat na Trabaho |
| 1 | Relihiyon at pilosopiya |
| 2 | Kasaysayan at Geograpiya |
| 3 | Panlipunan at Agham |
| 4 | Likas na Agham at Medikal na Agham |
| 5 | Teknolohiya at Engineering |
| 6 | Industria at komersyo |
| 7 | Sining at Palakasan |
| 8 | Wika |
| 9 | Literatura |

2024.1